



## NASUMPUNGANG *Liwanag*

P. Jaime Vidal Zuñiga

Ang ikaapat na linggo ng Kuwaresma ay tinatawag ding *Laetare Sunday*. Pinatitingkad sa linggong ito ang kagalakan at pananabik sa nalalapit na katuparan ng pangakong kaligtasan sa Pasko ng Pagkabuhay ni Kristo.

Ang ligayang nakapaloob sa pagpili at paghirang kay Haring David sa unang pagbasa ay pasulyap lamang ng kapayapaan at katiwasayang dala ng Mesiyas na mula sa kanyang lipi. Ang kapalaran ng mga tupang alaga ng pastol sa ating salmo ay pahiwatig lamang sa kasaganaan at kaganapan ng buhay na dulot ng Mabuting Pastol na si Hesus. Ang walang hanggang hari ay mabuting pastol din na kakalinga, gagabay, at poprotekta sa kanyang mga tupa. Sa ganang ito, tunay na may dahilan tayong magalak at magsaya.

Subalit may idinaragdag na isa pang bukal ng kagalakan ang ating ikalawang pagbasa at ebanghelyo. Ito ay ang ligayang nakapaloob sa pananalig at pananamplataya. Ang taong nakasumpung sa liwanag,

nananatili sa liwanag at iwinawaksi ang kadiliman ay nakararanas ng isang malalim na uri ng saya.

Sa isang banda, mapagtatanto natin ang kaligayahan ng pulubing bulag na muling nakakita sa pamamagitan ni Hesus. Dahil dito, mababago nang husto ang kanyang buhay — magagawa na niya ang mga hindi niya nagagawa dati, maiaangat na niya ang kanyang sarili sa kahirapan, at mawawala na ang kadustaan ng kasalanan na itinuturing ng madla na sanhi ng kanyang pagkabulag. Bukod at higit pa rito, natamo rin niya ang espiritwal na pagtanaw. Dahil sa kanyang pagiging bukas kay Hesus, nakita, naka-usap, at nakilala niya ang Anak ng Tao. Ang kanyang pagpapahayag ng pananampalataya ay simula pa lamang ng pag-usbong ng liwanag, pag-ibig, kabuluhan, at kaligtasan sa kanyang buhay.

Sa kabilang banda, mahihinuha rin natin ang kasalatan ng saya sa buhay ng mga Pariseo. Bagamat sila’y nakakakita at itinuturing na mas nakakaunawa dahil sa

kanilang posisyon sa relihiyon noon, nagbulag-bulagan sila sa katauhan ni Hesus at nagbingi-bingihan sa patotoo ng pinagaling na bulag. Pinili nilang makita ang nais nilang makita at marinig ang nais nilang marinig. Dahil dito, nanatili sila sa kadiliman ng kawalan ng pananampalataya at nakulong sa pait at poot. Hinadlangan ng kanilang espiritwal na pagkabulag ang kagalakang dala ng paniniwala, pagtitiwala, at pagtalima kay Kristo.

Ang pagpapasakop sa Liwanag ng Sanlibutan ay pagsuko’t pagpaparaya sa liwanag na manuot sa kaibuturan ng ating puso at sa bawat aspekto ng ating buhay. Ayon sa ikalawang pagbasa: “Ang ibinubunga ng pamumuhay sa liwanag ay pawang mabuti, matuwid, at totoo.” Kaakibat nito ang pag-iwas, pagwawaksi, at paglalantad sa mga gawa ng kadiliman upang madalisay ng liwanag ni Kristo. Sa ganang ito, maaaring magningning ang liwanag ng Diyos sa buhay ng tao. Kagalakan ang dulot nito sa taong nabubuhay ayon sa kanyang katotohanan bilang *imago dei* at gayun din sa mga taong nasa kadiliman na naliliwanagan ng kanyang pagsaksi.

Nawa’y tularan natin ang halimbawa ng pinagaling na bulag. Kahit paulit-ulit siyang ginipit, tinanong, at itiniwalag pa ng mga nasa kapangyarihan, hindi siya natakot o napagod manindigan at magpatotoo sa dahilan ng kanyang pag-asa. Alam niya marahil na magaganap lamang ang kagalakan kung ito’y ibinabahagi sa iba.

Mga kapatid, ipaalam at ipadama rin natin sa ating kapwa ang ligayang idinudulot sa atin ng ating nasumpungang liwanag.

## PASIMULA

### Antipona sa Pagpasok

(Is 66:10–11)

*(Basahin kung walang pambungad na awit.)*

**Lungsod ng kapayapaan, magalak tayo't magdiwang. Noo'y mga nalulumbay, ngayo'y may kasaganaan sa tuwa at kasiyahan.**

### Pagbati

*(Gawin dito ang tanda ng krus.)*

**P**—Sumainyo ang Panginoon.

**B**—At sumaiyo rin.

### Paunang Salita

*(Maaring basahin ito o isang kahalintulad na pahayag.)*

**P**—Ipinagdiriwang natin ngayon ang Linggo ng “*Laetare*” na mula sa wikang Latin na ang ibig sabih’y “magalak.” Inaanyayahan tayo ng ating mga pagbasa na magalak sapagkat tapat ang Diyos sa kanyang pangako at siya ay ang Amang naghihintay sa ating pagbabalik. Sa ikalawang pagbasa, ipinapaalala sa atin ni San Pablo na sa pamamagitan ni Kristo, ibinilang tayo ng Diyos bilang kaibigan—di na kaaway—at hinirang niya tayo upang ipagpanumbalik sa kanya ang mga tao.

### Pagsisisi

**P**—Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo’y maging marapat sa pagdiriwang ng banal na paghahaing nagdudulot ng kapatawaran ng Maykapal. *(Tumahimik)*

**P**—Panginoon, kami’y nagkasala sa iyo.

**B**—Panginoon, kaawaan mo kami.

**P**—Kaya naman, Panginoon, ipakita mo na ang pag-ibig mong wagas.

**B**—Kami ay lingapin at sa kahirapan ay iyong igitas.

**P**—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B**—Amen.

**P**—Panginoon, kaawaan mo Kami.

**B**—Panginoon, kaawaan mo Kami.

**P**—Kristo, kaawaan mo Kami.

**B**—Kristo, kaawaan mo Kami.

**P**—Panginoon, kaawaan mo Kami.

**B**—Panginoon, kaawaan mo Kami.

*(Walang Gloria tuwing panahon ng Kuwaresma.)*

### Pambungad na Panalangin

**P**—Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, ikaw ay nakikipagkasundo sa sangkatauhan sa pamamagitan ng iyong Salita. Sa masigasig na pagsamba at matibay na pagsampalataya ang Sambayanang Kristiyno ay makadulog nawang masaya sa pagdiriwang ng dakilang kapistahan ng Pagkabuhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**—Amen.

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



### Unang Pagbasa

(1 Sam 16:1b, 6–7, 10–13a) *(Umupo)*

*Sa paghirang ng Diyos sa sinumang magiging lingkod niya, ang kanyang pamantayan ay ang kalooban at hindi ang panlabas na anyo ng tao.*

### Pagbasa mula sa unang aklat ni Samuel

NOONG mga araw na iyon: Sinabi ng Panginoon kay Samuel, “Magdala ka ng langis at pumunta ka kay Jesse na taga-Betlehem sapagkat pinili ko nang maging hari ang isa sa kanyang mga anak.”

Nang magkahaarap-harap na sila, nakita ni Samuel si Eliab, pinagmasdan niya itong mabuti at sinabi sa sarili, “Ito siguro ang hinirang ng Panginoon para maging hari.”

Ngunit sinabi sa kanya ng Panginoon, “Huwag mong tingnan ang kanyang taas at kakisigan. Hindi siya ang hinirang ko. Ang batayan ko ay di tulad ng batayan ng tao. Panlabas na anyo ang tinitingnan ng tao ngunit puso ang tinitingnan ko.”

Isa-isang tinawag ni Jesse ang pito niyang anak ngunit walang pinili sa kanila ang Panginoon.

Kaya’t tinanong ni Samuel si Jesse, “Wala ka na bang anak kundi iyan?”

“Mayroon pang isa; ‘yong pinakabata, at pastol ng aking mga tupa,” sagot ni Jesse.

Sinabi ni Samuel, “Ipasundo mo. Hindi natin sisimulan ang paghahandog hangga’t hindi siya dumarating.” At sinundo nga ang anak na ito ni Jesse. Siya’y makisig na binatilyo, malusog at nangungusap ang mga mata.

At sinabi ng Panginoon kay Samuel, “Siya ang hinirang ko; pahiran mo siya ng langis.” Kinuha ni Samuel ang sisidlan ng langis at pinahiran si David sa harapan ng kanyang mga kapatid. At mula noon, sumakanya ang Espiritu ng Panginoon.

—Ang Salita ng Diyos.

**B**—Salamat sa Diyos.

### Salmong Tugunan (Slm 22)

**T**—Pastol ko’y Panginoong D’yos, hindi ako magdarahop.

C F G/F C Am  
Pas-tolko'y Pa-ngi - no-ong, D'yos  
3 Dm G C  
hindi a - ko mag-da-ra - hop.

1. Panginoon’y aking Pastol, hindi ako magkukulang. / Ako’y pinahihimlay sa mainam na pastulan, / at inaakay niya ako sa tahimik na batisan, / binibigyan niya ako niyong bagong kala-kasan. **(T)**

2. At sang-ayon sa pangako na kaniyang binitiwang / sa matuwid na landasi’y doon ako inaakay. / Kahit na ang daang iyo’y tumatahak sa karimlan, / hindi ako matatakot pagkat ika’y kaagapay; / ang tungkod mo at pamalo ang gabay ko at sanggalang. **(T)**

3. Sa harapan ng lingkod mo, ikaw ay may handang dulang, / ito’y iyong ginagawang nakikita ng kaaway; / nalulugod ka sa akin na ulo ko ay langisan / at pati na ang kalis ko ay iyong pinaaapaw. **(T)**

4. Tunay na ang pag-ibig mo at ang iyong kabutihan,/ sasaaki't tataglayin habang ako'y nabubuhay;/ doon ako sa templo mo lalagi at mananahan. (T)

#### **Ikalawang Pagbasa (Ef 5:8–14)**

*Sa pamamagitan ng binyag, tinatanggap natin ang liwanag ni Kristong Panginoon na siyang pumapawi sa kadilimang dulot ng kasalanan. Bilang mga Kristiyano, nararapat tayong mamuhay sa liwanag ng katotohanan at kabutihan.*

#### **Pagbasa mulasa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso**

MGA KAPATID: Dati, nasa kadiliman kayo, ngunit ngayoy nasa liwanag sapagkat kayoy sa Panginoon. Mamuhay kayo gaya ng nararapat sa mga taong naliwanagan sapagkat ang ibinubunga ng pamumuhay sa liwanag ay pawang mabuti, matuwid at totoo. Pag-aralan ninyo kung ano ang kalugud-lugod sa Panginoon. Huwag kayong makikisama sa mga taong gumagawa ng mga bagay na walang ibubungang kabutihan—mga bagay na dulot ng kadiliman. Sa halip ay ilantad ninyo sila at ang kanilang mga gawa. Sapagkat kahiya-hiyang banggitin man lamang ang mga bagay na ginagawa nila nang lihim. Ang lahat ng nalalantad ay naliliwanagan, at ang naliwanagan ay nagiging liwanag. Kaya't sina-sabi, "Gumising ka, ikaw na natutulong, magbangon ka mula sa mga patay, at liliwanagan ka ni Kristo."

—Ang Salita ng Diyos.

#### **B—Salamat sa Diyos.**

#### **Awit-Pambungad (Jn 8:12)**

*(Tumayo)*

**B—Ang sabi ng Poong mahal, "Sa daigdig ako'y ilaw. Kapag ako ay sinundan, ang dilim ay mapaparam at sa aki'y mabubuhay."**

#### **Mabuting Balita**

**(Jn 9:1, 6–9, 13–17, 34–38)**

**P—**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

**B—Papuri sa iyo, Panginoon.**

NOONG panahong iyon: Sa

paglalakad ni Hesus ay may nakita siyang isang lalaking ipinanganak na bulag. At si Hesus ay lumura sa lupa at gumawa ng putik. Ipinahid niya ito sa mata ng bulag. Sinabi sa kanya ni Hesus, "Pumunta ka sa deposito ng tubig sa Siloe." (Ang kahulugan nito'y Sinugo.) "Maghilamos ka roon." Gayon nga ang ginawa ng bulag at nang magbalik ay nakakikita na.

Sinabi ng mga kapitbahay niya at ng mga nakakita sa kanya noong siya'y namamalimos pa, "Hindi ba iyan ang lalaking dating nagpapalimos?" Sumagot ang ilan, "Iyan nga!" "Hindi! Kamukha lang," wika naman ng iba. At sumagot ang lalaki, "Ako nga po iyon."

Dinala nila sa mga Pariseo ang dating bulag. Araw ng Pamamahinga nang gumawa si Hesus ng putik at padilatin ang bulag. Tinanong din siya ng mga Pariseo kung paano siya nakakita. Sinabi niya sa kanila, "Pinahiran niya ng putik ang aking mga mata, naghilamos ako pagkatapos, at ngayoy nakakikita na ako." Ang sabi ng ilan sa mga Pariseo, "Hindi mula sa Diyos ang taong iyan, sapagkat hindi niya ipinangingilin ang Araw ng Pamamahinga." Ngunit sinabi naman ng iba, "Paanong makagagawa ng ganitong kababalaghan ang isang makasalanan?" At hindi sila magkaisa ng palagay.

Kaya't tinanong nila uli ang dating bulag, "Ikaw naman, yamang pinadilat ni Hesus ang iyong mga mata, ano naman ang masasabi mo tungkol sa kanya?" "Siya'y isang propeta!" sagot niya. Sumagot sila, "Ipinanganak kang makasalanan at ikaw pa ang magtuturo sa amin?" At siya'y itiniwalag nila.

Nabalitaan ni Hesus na ang lalaking pinagaling niya ay itiniwalag ng mga Pariseo. Kaya't tinanong niya ang lalaki nang matagpuan niya ito, "Sumasampalataya ka ba sa Anak ng Tao?" Sumagot ang lalaki, "Sino po ba siya, Ginoo? Sabihin ninyo sa akin, upang ako'y manampalataya sa kanya." "Siya'y nakita mo na. Siya ang nakikipag-usap sa iyo," ani Hesus. "Sumasampalataya po ako, Panginoon!" sabi ng lalaki. At sinamba niya si Hesus.

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

**B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

#### **Homiliya (Umupo)**

#### **Pagpapahayag ng Pananampalataya (Tumayo)**

**B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.**

**Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat, nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao, nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.**

**Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.**

#### **Panalangin ng Bayan**

**P—**Mga kapatid, ibinubunyag ngayon ng Ama ang kanyang sarili bilang liwanag ng sanlibutan. Atin ngayon siyang sundan bilang liwanag ng ating buhay habang ating itutugon:

**T—Ama, ikaw ang aming liwanag.**

**L—**Mapagmahal na Ama, liwanagan mo sina Papa Francisco, mga obispo, mga pari, mga diakono, at mga layko sa aming bawat pagpapasya at paglilingkod sa isa't isa. Kami'y dumadalangin: (T)

**L—**Mapagmahal na Ama, gabayan mo ang bawat lingkodbayan sa iyong Katotohanan. Kami'y dumadalangin: (T)

**L—**Mapagmahal na Ama, liwanagan mo kami ngayong maraming pinagdaraanang



pagdurusa. Sa kadiliman ng gabi, ikaw nawa ay manatili. Kami'y dumadalangin: **(T)**

**L**—Mapagmahal na Ama, itinataas namin ang aming mga kapatid na misyonero. Liwanagan mo ang kanilang mga puso upang kanilang masariwa ang tamis ng kanilang unang pagtalima sa iyong misyon ng pag-ibig. Kami'y dumadalangin: **(T)**

**L**—Mapagmahal na Ama, pahintulutan mong makapasok sa iyong walang hanggang liwanag ang mga yumao naming mahal. Kami'y dumadalangin: **(T)**

**L**—Itaas din natin ang mga kapatid nating nangangailangan ng panalangin, ang mga pangangailangan ng ating pamayanan, at ang ating mga personal na kahilingan. *(Tumahimik)* Kami'y dumadalangin: **(T)**

**P**—Ikaw ang aming liwanag, **O** Amang mapagmahal. Tulungan mo kaming masalamin ang iyong buhay at pag-ibig sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

**B—Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



**Paghahain ng Alay** *(Tumayo)*

**P**—Manalangin kayo...

**B**—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

**Panalangin ukol sa mga Alay**

**P**—Ama naming Lumikha, para sa paghahaing nagbibigay-kagalingan kami ngayon ay masayang nagsisipag-alay kalakip ang dalanging amin nawang maidangal ang pagdiriwang na ito ng banal na pakikinabang at maidulot nawa ito para sa kaligtasan ng tanan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B—Amen.**

## Prepasyo

*(Ang Taong Bulag na Binigyang-liwanag)*

**P**—Sumainyo ang Panginoon.

**B—At sumaiyo rin.**

**P**—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

**B—Itinaas na namin sa Panginoon.**

**P**—Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos.

**B—Marapat na siya ay pasalamat.**

**P**—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Minabuti niyang maging di naiiba sa amin upang ang sangkatauhang namuhay sa dilim ay kanyang maakay sa pananalig na hahantong sa liwanag ng iyong pag-ibig. Kaming ipinanganak noong una bilang alipin ng dating pagkakasala ay kanyang hinugasan sa tubig ng muling pagsilang upang maitampok bilang mga kapatid niya sa iyong angkan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B—Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga Hukbo, napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo, Osana sa Kaitaasan! Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon, Osana sa Kaitaasan!***(Lumuhod)*

**Pagbubunyi** *(Tumayo)*

**P**—Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

## PAKIKINABANG

**Ama Namin**

**B—Ama namin...**

**P**—Hinihiling naming...

**B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.**

**Pagbati ng Kapayapaan**

**Paanyaya sa Pakikinabang**  
*(Lumuhod)*

**P**—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.  
**B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

**Antipona sa Komunyon**  
*(Jn 9:11)*

**Gawa ni Hesus na putik sa mata ko'y ipinahid, hinugasan ko ng tubig, kabulagan ko'y naalis, sa D'yos ako ay nanalig.**

**Panalangin Pagkapakinabang**  
*(Tumayo)*

**P**—Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming mapagmahal, tinatanglawan mo ang lahat ng tao na isinisilang sa daigdig na ito. Sa kaloob mong liwanag tanglawan mo ang aming kalooban upang ang dapat naming isaloob na iyong ikinalulugod ay lagi naming isaisip at ikaw ay aming wagas na maibig sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B—Amen.**

## PAGTATAPOS

**P**—Sumainyo ang Panginoon.

**B—At sumaiyo rin.**

**Pagbabasbas**

**P**—Magsiyuko kayo at hingin ang pagpapala ng Diyos. *(Tumahimik).*

Ama naming mapagpala, tulungan mong mamalaging maligaya sa banal na pakikinabang ang iyong sambayanan at makapanatiling magkamit ng gantimpalang iyong inilalaan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B—Amen.**

**P**—At pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.

**B—Amen.**

**Pangwakas**

**P**—Tapos na ang ating pagdiriwang. Humayo kayong taglay ang pag-ibig upang ang Panginoon ay mahalina paglingkuran.

**B—Salamat sa Diyos.**